

Kaalaman at kasanayan ng guro sa epektibong pagpapatupad ng makabayang pedagohiya

Gagbo, Rutchel M. ✉

Wright National High School, Philippines (gagborutchel15@gmail.com)

Pabua, Aivy G.

Caranas Integrated School, Philippines (pabuaaivy@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 17 September 2026

Available Online: 10 October 2026

Revised: 4 October 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26412

Accepted: 8 October 2026

Abstract

The 1987 Philippine Constitution emphasizes the importance of instilling patriotism and nationalism, or a sense of love for the country, among Filipinos. Hence, this study focused on determining teachers' knowledge and skills in patriotic pedagogy. It also aimed to determine the relationship between teachers' knowledge and skills and students' performance. A descriptive research design was employed, with data collected from secondary school teachers in Wright District 1 using a structured questionnaire. Content validity and reliability testing were conducted to ensure the validity and reliability of the research instrument. Descriptive statistics were used to analyze the collected data through JASP. The findings revealed that teachers had deep knowledge of patriotic pedagogy, with an overall mean of 3.709, and demonstrated extensive skills, with an overall mean of 3.70. Students' performance obtained an overall mean of 3.35, interpreted as "Highly Evident." Furthermore, a significant relationship was found between teachers' knowledge and skills and students' performance, with a p -value of less than .001. The findings demonstrate a clear relationship between teachers' knowledge and skills in implementing patriotic pedagogy and students' performance. Based on the findings, the researchers recommend strengthening teachers' knowledge and skills and developing instructional materials for patriotic pedagogy.

Keywords: pedagogy, awareness, patriotism, performance, strategies

Kaalaman at kasanayan ng guro sa epektibong pagpapatupad ng makabayang pedagohiya

1. Abstrak

Bahagi at nakapaloob sa Saligang Batas ng 1987 na kinakailangang ikintal ang patriotism at nasyunalismo o diwang makabayan sa mga Pilipino. Kung kaya ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtukoy sa kaalaman at kasanayan ng guro sa makabayang pedagohiya. Nilalayon din ng pag-aaral na ito na matuklasan ang kaugnayan ng kaalaman at kasanayan ng guro sa pagganap ng mga mag-aaral. Ginamitan ng deskriptibong desinyo ang pag-aaral na kung saan ang mga datos ay kinolekta mula sa mga gurong nagtuturo ng sekondarya sa Distrito ng Wright 1 gamit ang binalangkas na talatanungan. Content Validity at Reliability ang ginamit upang matiyak ang kabisaan ng instrumento. Gumamit naman ng Descriptive Statistic sa pamamagitan ng JASP upang analisahin ang mga nakalap na datos. Batay sa naging resulta May malalim na kaalaman (MMK) ang guro sa makabayang pedagohiya na may kabuuang Mean na (3.709), nagpapakita naman ng malawak na kasanayang ang guro na may kabuuang Mean na (3.70), may kabuuang mean naman ang pagganap ng mga mag-aaral na (3.35) na nangangahulugang lubos na nakikita. May mataas na kaugnayan naman ang kaalaman at kasanayan ng guro sa nagging pagganap ng mga mag-aaral na may p-value na mas mababa sa .001. Batay sa mga datos na nakalap sa pag-aaral, ito ay nagpapakita ng malinaw na kaugnayan sa pagitan ng kaalaman at kasanayan ng guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya at pagganap ng mga mag-aaral. At high na iminumungkahi ng mga mananaliksik ang pagpapalalim sa kaalaman, kasanayan at paglikha ng mga materyales sa pagtuturo ng makabayang pedagohiya.

Susing salita: pedagohiya, kamalayan, makabayan, pagganap, estratehiya

2. Introduksiyon

Bilang isang Pilipino, isa sa mga kaugaliang ating namana sa ating mga ninuno ay ang pagiging makabayan, ito'y isang magandang pag-uugali na nagtataglay ng masidhing pagmamahal sa bayan. Ito ang dapat taglayin ng bawat Pilipino para sa ikauunlad ng ating bansa. Pinatunayan ni Prospero Covar (1991:14) na bawat nilalang ay taglay ang likas na pagiging Makabayan sa kabuuan ng kanyang pagkatao. Nakasaad din sa panunumpa sa katapatan ng watawat ng bansa na bawat kabataang mag-aaral ay marapat na maging makatao, makakalikasan, maka-Diyos, at makabansa. Kaya inaasahang madali itong malilinang kung tinutuhog ng isang kurikulum ang mithiing makalikha ng mga makabayang kabataang mag-aaral na siyang tutugon sa pangangailangan ng lipunan.

Ayon din sa Artikulo XIV, Seksiyon 2.1 ng Konstitusyong 1987 ng Republika ng Pilipinas ay nagsasabing nasyonalismo dapat ang pundasyon, ang batayan ng edukasyon sa bansa: "SEK. 2. Ang Estado ay dapat: (1) Magtatag, magpanatili, at magtustos ng isang kumpleto, sapat at pinag-isang sistema ng edukasyong naaangkop sa mga pangangailangan ng sambayanan at lipunan..." Idinagdag pa sa Artikulo XIV, Seksiyon 3.2 ng Konstitusyong 1987 na: "Dapat nilang ikintal ang pagkamakabayan at nasyonalismo, ihasik ang pag-ibig sa sangkatauhan, paggalang sa mga karapatang pantao, pagpapahalaga sa gampanin ng mga pambansang bayani sa historikal na pagpapaunlad ng bansa, ituro ang mga karapatan at mga tungkulin ng pagkamamamayan, patatagin ang mga pagpapahalagang etikal at espirituwal, linangin ang karakter na moral at disiplinang pansarili, pasiglahin ang kaisipang mapanuri at malikhain, palawakin ang kaalamang syentipiko at teknolohikal, at itaguyod ang kahusayang bokasyonal. Ngunit kung ating makikita sa kasalukuyang panahon tila ba pinapatay ang ating pagkamakabayan at pagkakakilanlan sapagkat malabnaw at kulang ang pagtuturo ng sariling wika, kultura at kasaysayan.

Mahalaga ang pagkamakabayan sa pagbuo ng isang matatag na bansa. Gayunpaman, napapansin ng marami na unti-unting nawawala ang pagkamakabayan sa mga kabataan. Maraming dahilan ang maaaring maiugnay dito, kabilang ang pag-inog ng modernisasyon, pag-unlad ng teknolohiya, at ang impluwensiya ng ibang kultura. Ang

mga pagbabagong ito ay nagdudulot ng pagkakahiwalay ng kabataan sa kanilang sariling kultura at kasaysayan, na nagiging sanhi ng pagkawala ng kanilang pagkamakabayan.

Ang kahusayan sa batayang kaalamang pedagogikal ang susi sa paglinang ng mga guro ng bayan sa wika, panitikan, at bayan na maging makabayan. Pinagtibay pa ng bunga ng pagkatuto ang inklusyon sa mga isyung panlipunan tulad ng aspektong pangkasarian upang lalong isulong ang malawak, malalim, at mapagpalayang makabayang edukasyon. Malaki ang gampanin ng batayang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral na hinubog ng iba't ibang kurso at programa upang palalimin ang konsepto at konteksto ng pagkamakabayan. Ang bunga ng pagkatuto sa bawat kurso ay nakaugat ang pagsasapraktika ng iba't ibang teorya sa mga batayang pangnilalaman na nilapatan ng iba't ibang pamaraan upang ilapat sa hamon ng mundo ng pagtuturo na may haplos at dulong makabayan. (Villanueva, 2022).

Pangunahing tungkulin ng mga guro sa bansa na imulat ang kani-kanilang estudyante sa mga realidad ng lipunan sa pamamagitan ng isang makabayang sistemang pang-edukasyon upang makita kung ano at paano iyon isasakatuparan, nararapat na magkaroon ng kamalayan, kaalaman at kasanayan ang lahat ng guro upang epektibong maipatupad ang pagtuturo ng makabayang edukasyon. Kung kaya't nais pagtuunan ng mga mananaliksik ang pag-aaral tungkol sa kaalaman at kasanayan ng mga guro sa epektibong pagpapatupad ng makabayang pedagohiya upang masuri kung sapat ang kanilang kaalaman upang matamo ang pagpapatupad ng makabayang edukasyon. Sapagkat ang makabayang pedagohiya ang magbubuklod upang mapag-isa ang mithiin ng kurikulum na tumatagos sa pagtuturo ng isang tiyak na disiplina, kurso, o asignatura.


Layunin - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy at masuri ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa epektibong pagpapatupad ng makabayang pedagohiya at ang kaugnayan nito sa pagganap ng mga mag-aaral. Nilalayan din nitong matukoy ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro, masuri ang epekto nito sa pagganap ng mga mag-aaral, at matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya at sa pagganap ng mga mag-aaral.

Teoritikal-konseptuwal na Balangkas - Ayon sa teoryang Kritikal na Pedagohiya (Paulo Freire at Henry Giroux) ang edukasyon ay hindi lamang isang proseso ng pagpapasa ng kaalaman mula guro patungo sa mag-aaral, kundi isang kritikal na pagninilay sa mga isyung panlipunan. Ang layunin ng teoryang ito ay bigyang-kapangyarihan ang mga mag-aaral upang maging kritikal sa mga suliraning panlipunan at imulat sila sa kanilang responsibilidad bilang mga aktibong mamamayan. Sa konteksto ng *makabayang pedagohiya*, ang mga guro ay may mahalagang papel sa paglinang ng kamalayang makabayan at pagpapahalaga sa sariling bansa, gamit ang mga lokal na isyu at pagsasanay sa kritikal na pag-iisip.

Samantalang, ayon kay Lev Vygotsky sa kanyang Teoryang Sosyo-kultural, ang proseso ng pagkatuto ng mag-aaral ay nakasalalay sa interaksyon nila sa kanilang lipunan at kultura. Binibigyang-diin ng teoryang ito ang kahalagahan ng konteksto ng komunidad, kasaysayan, at wika sa pagkatuto, kaya't ang guro ay maaaring magtagumpay sa pagpapalaganap ng makabayang ideya sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa mga katutubong wika, tradisyon, at kasaysayan ng bansa. Sa pagpapatupad ng makabayang edagohiya, mahalaga ang kaalaman ng guro sa mga makabayang isyu, kasaysayan, at kultura, pati na rin ang kasanayan sa pagbuo ng ugnayan sa komunidad at sa pagtuturo ng kritikal na pag-iisip, upang mapalawak ang pagkatuto ng mag-aaral at maging bahagi sila ng pagbabago sa kanilang lipunan.

Sa konseptuwal na balangkas ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa ugnayan ng kaalaman at kasanayan ng guro sa makabayang pedagohiya (IVs) at pagganap at pag-uugali ng mga mag-aaral (DVs), na pinapamagitanan ng epektibong paggamit ng makabayang pedagohiya (MV). Ang kaalaman ng guro ay tumutukoy sa pag-unawa sa mga prinsipyo, kasaysayan, tradisyon, kultura, pagmamahal sa bayan, at demokrasya, samantalang ang kasanayan ay nakikita sa paghahanda ng aralin, pagsasagawa ng mga gawaing makabayan, at pagbibigay ng feedback. Ang epektibong paggamit ng makabayang pedagohiya ay nagsisilbing tulay sa paggamit ng kaalaman at kasanayan ng guro upang mapaunlad ang pagganap at pag-uugali ng mga mag-aaral, kabilang ang pakikilahok sa mga gawaing makabayan, disiplina, responsibilidad, respeto, at pakikilahok sa mga proyektong pang-

Pigura 1. Paradym Konseptuwal na Balangkas



Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang resulta ng pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga guro, mag-aaral, paaralan, at mga susunod na mananaliksik. (1) Para sa mga guro, magsisilbi itong batayan sa pagtukoy ng kanilang kalakasan at mga aspetong nangangailangan ng pagpapaunlad sa kaalaman at kasanayan sa makabayang pedagohiya. (2) Para sa mga mag-aaral, makatutulong ito sa paglinang ng kanilang kaalaman at pagpapahalaga sa kasaysayan, kultura, tradisyon, demokrasya, pagkakaisa, at pagmamahal sa bayan. (3) Para sa paaralan, maaaring maging batayan ang mga resulta sa pagbuo ng mga programa, pagsasanay, at estratehiyang magpapalakas sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya. Samantala, (4) para sa mga susunod na mananaliksik, maaari itong magsilbing sanggunian at batayan sa mga kaugnay na pag-aaral tungkol sa makabayang pedagohiya, kaalaman at kasanayan ng guro, at pagganap ng mga mag-aaral.

Saklaw at Limitasyon - Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga aspektong tinutukan at sinuri gayundin ang mga hangganan na kinilala sa proseso ng pananaliksik. Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa epektibong pagpapatupad ng makabayang pedagohiya. Ito ay lalahukan ng mga guro sa Filipino at Araling Panlipunan sa Sekundaryang Paaralan ng Distrito ng Wright 1. Saklaw ng pag-aaral ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng binalangkas na talatanungan na may apat na puntusang likert scale. Nililimitahan ang pag-aaral sa mga gurong kabilang sa napiling Distrito at sa mga baryabol na saklaw ng instrument. Samakatuwid, hindi nito kinakatawan ang lahat ng guro at paaralan sa ibang Distrito o lugar. Ang mga resulta ay nakabatay sa mga tugon ng mga kalahok at sa datos na nakalap sa panahon na isinagawa ang pananaliksik.

3. Metodolohiya

Ipinapakita sa kabanatang ito ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral, at detalyadong inilalahad ang mga pamamaraan para sa pangangalap ng datos, mga istatistikal na ginamit para sa pagsusuri o pag-aanalisa, at mga etikal na pagsasaalang-alang. Inilalahad din sa metodolohiya ang komprehensibong paglalarawan na isinagawa upang matugunan ang mga layunin ng pananaliksik, tinitiyak ang pagkakaroon ng reliabiliti at baliditi ng mga resulta.

Disenyo ng Pag-aaral - ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwantitatibong pamamaraan na nasa deskriptibong desinyo. Layunin nitong tukuyin ang kasalukuyang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa epektibong pagpapatupad ng makabayang pedagohiya. Ang deskriptibong disenyo ay angkop sa pananaliksik na ito dahil nagbibigay ito ng malinaw, detalyado, at sistematikong paglalarawan ng mga katangian ng mga tao, sitwasyon, o pangyayari nang hindi nagbibigay ng eksperimentasyon o pagmamaniipula sa mga variable. Ayon naman kay Sevilla sa pag-aaral ni Dragon (2023) ang paggamit ng deskriptibong desinyo bilang kabuuang pangangalap ng datos at tala ay naglalayong masubok ang haka o kaya ay kasagutan sa tanong hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng paksang pinag-aarala.

Mga Kalahok at Lokal ng Pag-aaral – Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga guro sa mga paaralan na

saklaw ng Distrito ng Wright I na binubuo ng tatlumpong (30) mga guro. Sila ay pinili gamit ang purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay kabilang sa mga gurong may karanasan sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya. Ayon kina Etikan, Musa, at Alkassim (2016), ang purposive sampling ay angkop gamitin kapag ang mananaliksik ay pumili ng mga kalahok na may tiyak na katangian sa pag-aaral.

Intrumento ng Pag-aaral - Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay isang structured survey questionnaire na orihinal na binuo ng mga mananaliksik, sinuri ng mga eksperto, at sumailalim sa reliability testing upang matiyak ang validity at reliability nito. Nahahati ito sa apat na bahagi: demograpikong propayl ng mga kalahok, kaalaman ng guro, kasanayan ng guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya, at pagganap ng mga mag-aaral. Gumamit ng apat na puntusang Likert Scale upang masukat ang antas ng kaalaman, kasanayan, at pagganap ng mga mag-aaral. Para sa balidasyon, ipinakita ang instrumento sa instruktur, tagapayo, at mga eksperto para sa pagsusuri at mungkahi. Sinuri ang reliability gamit ang Cronbach's alpha, na nakakuha ng resultang 0.097, habang ginamit ang content validity sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga eksperto upang matiyak ang kaangkupan at bisa ng mga aytem.

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos - Ang pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa gamit ang survey questionnaire o binalangkas na talatanungan na sinuri at inaprubahan ng tagapayo at mga eksperto. Bago ang pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa tagapangulo ng Kagawaran ng Filipino. Matapos itong maaprubahan, ipinamahagi ang talatanungan sa mga guro ng Sekundaryang Paaralan ng Distrito ng Wright I sa oras ng trabaho. Nakapaloob dito ang mga tanong tungkol sa kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya at ang epekto nito sa pagganap ng mga mag-aaral. Upang masuri ang normalidad ng nakalap na datos, ginamit ang Shapiro-Wilk Test, at batay sa resulta, napatunayang normal na ipinamahagi ang mga datos.

Pag-aanalisa at Paglalapat ng Estadistika - Ang mga datos na nakalap ay aanalisahin gamit ang JASP software. Gumamit ng diskriptibong istatistika ang mga mananaliksik upang kunin ang mean at standard deviation ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya gayun din ang epekto ng kaalaman at kasanayan ng guro sa pagganap ng mga mag-aaral. Upang makuha naman ang kaugnayan ng kaalaman at kasanayan ng guro sa pagganap ng mga mag-aaral, ang mga mananaliksik ay gumamit ng Pearson's r Correlation. At batay sa nagging resulta, ito ay may mataas na kaugnayan.

Etikal na Konsiderasyon - Sa pag-aaral na ito, isinaalang-alang ng mananaliksik ang pamantayang etikal upang masiguro ang siguridad at kapakanan ng mga gurong kalahok at mga paaralang kasangkot. Bago isagawa ang pangangalap ng datos humingi ang mananaliksik ng pahintulot sa pamunuan ng paaralan. Binigyan din ng sapat na kaalaman ang mga kalahok hinggil sa layunin ng pag-aaral at ang kahalagahan ng kanilang partisipasyon sa pag-aaral. Tininyak din na ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo at sila'y maaaring umatras sakaling may mga tanong na hindi sila komportable. Ipinaliwanag din na ang kanilang mga sagot ay kumpidensyal at gagamitin lamang sa pag-uulat ng resulta.

4. Resulta at Pagtatalakay

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga resulta ng datos na nakalap mula sa sarbey, na binibigyang-diin ang kaalaman at kasanayan ng guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya. Sinuri ang mga natuklasang datos upang matugunan ang mga layunin ng pananaliksik at magbigay ng mga pananaw sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo upang makamit ang epektibong pagpapatupad ng makabayang pedagohiya". Narito ang mga resulta batay sa mga layunin ng pag-aaral.

4.1 Antas ng kaalaman ng guro sa pagpapatupad ng Makabayang Pedagohiya.

Batay sa Talahanayan 6, mataas ang kaalaman ng mga guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya, na may kabuuang mean na 3.709. Pinakamataas ang kaalaman sa pagpapahalaga sa kultura, tradisyon, paniniwala, at kaugalian ng Pilipinas ($M = 3.900$, $SD = 0.305$), habang pinakamababa ang kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas

($M = 3.500$, $SD = 0.572$), ngunit nananatili itong nasa mataas na antas. Ipinahihiwatig nito na may sapat na kaalaman ang mga guro sa mahahalagang prinsipyo ng makabayang edukasyon. Ito ay umaayon kina Villanueva (2021) at Alerta et al., na nagbigay-diin sa kahalagahan ng kaalaman ng guro sa kultura, kasaysayan, demokrasya, pagkakapantay-pantay, at pagkakaisa sa pagpapaunlad ng makabayang pananaw ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2

Kaalaman ng guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya

Pahayag	M	SD	Interpretasyon
Pag-unawa sa mga prinsipyo ng makabayang pedagohiya.	3.600	0.621	MMK
Kaalaman sa kasaysayang ng Pilipinas	3.500	0.572	MMK
Pag-unawa sa demokrasya, pagkakapantay- pantay at pagkaka-isa	3.867	0.346	MMK
Pagbibigay halaga sa kultura, tradisyon, paniniwala at kaugalian ng Pilipinas	3.900	0.305	MMK
Pagbibigay-diin sa Kahalagahan ng pagiging makabayan	3.733	0.450	MMK
Nailalapat ang prinsipyo ng demokrasya sa pagtuturo	3.633	0.490	MMK
Pagpapalalim ng pagmamahal sa bayan	3.733	0.521	MMK
KABUANG MEAN	3.709	0.470	MMK

Likert Scale: 1.00-1.74 – Walang kaalaman (WK), 1.75-2.49 – May Kaalaman (MK), 2.50-3.24 May sapat na kaalaman (MSK), 3.25 - 4.00- May malalim na kaalaman (MMK)

4.2 Antas ng kasanayan ng guro sa pagpapatupad ng Makabayang Pedagohiya

Talahanayan 3

Kasanayan ng guro sa Pagpapatupad ng Makabayang Pedagohiya

	M	SD	Interpretation
Pagtuturo, pagpapalano at pagpapatupad ng mga aktibidad sa mga mag-aaral.	3.633	0.490	MMK
Pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral at paghubog tungo sa aktibong mamamayan	3.633	0.490	MMK
Pagbuo ng mga gawain na nakabatay sa makabayang pedagohiya	3.567	0.504	MMK
Pagpili ng nararapat na kagamitang angkop sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral	3.733	0.450	MMK
Paghahanda ng mga pagkatutong sitwasyunal at pagpili ng estratehiya sa pagtuturo	3.767	0.430	MMK
Paghahanda ng mga yunit instruksiyonal at banghay-aralin na inilalahad ang layunin, at teknik na pagmumulan at pamagsasanggunian sa oras ng pagtuturo	3.767	0.430	MMK
Pagbibigay ng feedback sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kaalaman	3.833	0.379	MMK
KABUANG MEAN	3.70	0.45	MMK

Batay sa Talahanayan 8, ang kasanayan ng mga guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya ay nasa antas na “May Malawak na Kasanayan” (MMK), na may mean scores na 3.567–3.833. Pinakamataas ang pagbibigay ng feedback sa mga mag-aaral ($M = 3.833$, $SD = 0.379$), habang pinakamababa ang pagbuo ng mga gawaing nakabatay sa makabayang pedagohiya ($M = 3.567$), bagaman mataas pa rin ang antas nito. Ipinakikita nito na mahusay ang mga guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya, ngunit may ilang aspeto na nangangailangan pa ng pagpapaunlad. Ang resulta ay umaayon sa Teoryang Behaviorism nina B.F. Skinner, kung saan mahalaga ang reinforcement sa paghubog ng pagkatuto. Ang mataas na kasanayan sa pagbibigay ng feedback ay nagpapakita ng paggamit ng positibong reinforcement upang mapabuti ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral

4.3 Paano nakaaapekto ang kaalaman at kasanayan ng guro sa pagganap ng mga mag-aaral

Batay sa talahanayan 4, ang epekto ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagganap ng mga mag-aaral ay makikita sa mean scores na 2.500-3.633, na may interpretasyong Lubos na Nakikita (LN) at Nakikita (N). pinakamataas ang paggalang sa sariling pananampalataya habang pinahalalagahan ang paniniwala ng iba ($M=3.633$), na sinundan ng paghikayat sa mga mag-aaral na maging responsableng mamamayan ($M=3.600$). Samantala, pinakamababa ang matatag na disiplina at responsableng pag-uugali ($M=2.500$), na nagpapahiwatig

ng pangangailangan para sa higit na pagpapaunlad. Sa kabuuan, ipinapakita ng result ana natutulong ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paghubog ng positibong pag-uugali at pakikilahok ng mga mag-aaral. Ito ay sinusuportahan nina De Guzman et.al. (2021), na binigyang-diin ang mahalagang papel ng kakayahan ng guro sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4

Epekto ng kaalaman at kasanayan ng guro sa pagganap ng mga mag-aaral

	M	SD	Interpretasyon
Nagpapakita ng paggalang sa sariling pananampalataya habang pinapahalagahan ang pananampalataya ng iba.	3.633	0.556	LN
Nakikibahagi sa pagtataguyod ng pagkakaisa	3.500	0.509	LN
Kinikitaan ng paggalang ang mga mag-aaral sa kanilang kapwa mag-aaral, mga guro, punong-guro at nakatatanda	3.433	0.568	LN
Gumagamit ng “po” at “opo” ang mga mag-aaral sa pakikipag-usap sa mga guro, punong-guro at nakatatanda	3.333	0.711	LN
Nakikilahok ang mga mag-aaral sa mga gawaing pang-komunidad o pambansa na nagpapakita ng pagmamahal sa bayan.	3.400	0.675	LN
Aktibong nakikilahok sa mga talakayan o proyekto na may kaugnayan sa pambansang identidad at kultura	3.300	0.702	LN
Pinahahalagahan ang mga local na produkto, kultura, at tradisyon	3.400	0.724	LN
Nakikibahagi sa mga proyektong pang-akademiko na sumasalamin sa makabayang pagpapahalaga	3.433	0.626	LN
Nahihikayat na maging responsableng mamamayan sa pamamagitan ng mga aralin na itinuturo ng guro	3.600	0.498	LN
Nagpapamalas ng matatag na disiplina at responsableng pag-uugali sa kanilang pang-araw-araw na Gawain na siyang nagiging susi sa kanilang tagumpay sa loob at labas ng paaralan	2.500	0.682	N

Likert Scale: 1.00-1.74- Hindi Nakikita (HN), 1.75-2.49 – Hindi Siguradong Nakikita (HSN), 2.50-3.24- Nakikita (N), 3.25-4.00- Lubos na nakikita (LN)

4.4 Mayroon bang kaugnayan ang kaalaman at kasanayan ng guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya sa pagganap ng mga mag-aaral

Batay sa Pearson's correlation sa Talahanayan 5, may makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng kaalaman ng guro, kasanayan ng guro, at pagganap ng mga mag-aaral. Ang kaalaman at kasanayan ng guro ay may malakas na ugnayan ($r = 0.618$, $p < .001$), samantalang ang kaalaman ng guro at pagganap ng mga mag-aaral ay may katamtamang ugnayan ($r = 0.457$, $p = .011$). Samantala, ang kasanayan ng guro at pagganap ng mga mag-aaral ay may malakas na ugnayan ($r = 0.593$, $p < .001$). Ipinahihiwatig nito na ang mas mataas na kaalaman at kasanayan ng guro ay may kaugnayan sa mas mahusay na pagganap ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito nina De Guzman et al. (2021), na binigyang-diin ang mahalagang impluwensiya ng kakayahan ng guro sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Gayundin, ipinakita ni Ompoc (2023) na ang mahusay na kaalaman at paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5

Ugnayan sa pagitan ng kaalaman at kasanayan ng guro pagganap ng mag-aaral

Variable		Kaalaman ng guro	Kasanayan ng guro	Pagganap ng mga mag-aaral
1. Kaalaman ng guro	Pearson's r	—		
	p-value	—		
2. Kasanayan ng guro	Pearson's r	0.618 ***	—	
	p-value	< .001	—	
3. Pagganap ng mga mag-aaral	Pearson's r	0.457 *	0.593 ***	—
	p-value	0.011	< .001	—

* $p < .05$, ** $p < .01$, *** $p < .001$

5. Kongklusyon

Batay sa mga datos na nakalap sa pag-aaral, ito ay nagpapakita ng Ching, G. S. (2007). Th Batay sa mga datos na nakalap sa pag-aaral, ito ay nagpapakita ng malinaw na kaugnayan sa pagitan ng kaalaman at kasanayan ng guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya at pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga guro may sapat na kaalaman at kasanayan sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya ay mas epektibo sa paggabay sa kanilang mga mag-aaral upang magkaroon ng mas mataas na antas ng paggalang sa sarili at sa iba, pagkakaisa, at pakikilahok sa mga gawaing panlipunan at pangkomunidad. Ang mga mag-aaral na nasa ilalim ng pangangalaga ng mga ganitong guro ay mas aktibong nakikilahok sa mga talakayan at proyekto na may kaugnayan sa pambansang identidad at kultura. Bukod dito, mas nagpapakita sila ng pagiging responsable at disiplina sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Ang mga naging resulta ng pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang implikasyon para sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa Pilipinas. Mahalagang bigyan ng sapat na pagsasanay ang mga guro sa pagpapatupad ng makabayang pedagohiya. Dapat ding magkaroon ng mga patakaran at programa na sumusuporta sa pagpapaunlad ng mga guro.

Batay sa naging resulta at konklusyon ng pag-aaral, ay inererekomenda ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na hakbangin:

- Patuloy na palawakin ang kaalaman sa makabayang pedagohiya sa pamamaraan ng pagbasa, pagsasanay, seminar at iba pang gawaing propesyonal upang higit na mapahusay ang pagpapatupad nito sa pagtuturo.
- Maglaan ng mga programa pagsasanay at suporta na makakatulong sa pagpapalakas ng kaalaman at kasanayan ng ga guro sa makabayang pedagohiya.
- Magsagawa ng kaugnay na pag-aaral gait ang mas alawak na kalahok, ibang konteksto o paaralan, at iba pang baryabol upang higit na mapalawak ang kaalaman tungkol sa ugnayan ng makabayang pedagohiya at pagganap ng mag-aaral.

Deklarasyon ng Paggamit ng AI - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mga digital at AI-assisted tools bilang pantulong sa ilang bahagi ng proseso ng pananaliksik. Ginamit ng mananaliksik ang sumusunod na AI tools: ChatGPT (Free Version) bilang pantulong sa paghahanap at pagpapahusay ng gramatika, pagsasaayos ng paglalahad ng mga ideya. Ginamit din ng mananaliksik ang JASP Software para sa tritment ng mga datos at sa pagkuha ng descriptive statistic result. Ang mga impormasyong nabuo sa tulong ng AI ay maingat na sinuri, bineripika, at iniangkop ng mananaliksik upang matiyak ang kaugnayan at katumpakan ng mga ito sa pag-aaral. Sa kabila ng paggamit ng mga nabanggit na teknolohiya, nananatiling ganap na pananagutan ng mananaliksik ang nilalaman, katumpakan, interpretasyon, at konklusyon ng pag-aaral. Ang AI at mga estadistikal na kasangkapan ay ginamit lamang bilang pantulong at hindi bilang kapalit ng kritikal na pagsusuri, pagpapasya, at pananagutan ng mananaliksik. Sinikap ng mananaliksik na mapanatili ang integridad, kredibilidad, at etikal na pamantayan sa buong proseso ng pananaliksik.

Pahayag ng Ambag ng mga May-akda – ang pananaliksik na ito ay matagupay na isinagawa sa pamamagitan kolaborasyong pagganap ng mga sangkot na mananaliksik, narito ang mga tiyak na kontribusyon ng bawat mananaliksik: Rutchel M. Gagbo – Writing Original Draft, Formal Analysis, Data Treatment, Data Collection, Funding (Equal Publication Process), Review and Editing. Aivy G. Pabua - Writing Original Draft, Funding, Methodology, Project Administration, Conceptualization. Formal Analysis

6. Sanggunian

- American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). (2021). *The influence of teachers on academic performance in Filipino subjects*. Retrieved from <https://www.ajhssr.com>
- Banks, J. A. (2017). *Diversity and citizenship education: Global perspectives*. Routledge.
- Cognizance Journal of Science and Technology. (2021). *Impact of teachers' knowledge and skills in utilizing technology on student learning outcomes*. Cognizance Journal of Science and Technology, 3(12). Retrieved from <https://cognizancejournal.com>
- Department of Education. (2001). *Panunumpa sa Katapatan ng Watawat ng Pilipinas*. Republic Act No. 8491: Flag and Heraldic Code of the Philippines. Manila, Philippines: Department of Education.

- Freire, P. (2000). *Pedagogy of the oppressed (30th anniversary ed.)*. Continuum.
- Giroux, H. A. (2004). *The terror of neoliberalism: Rethinking the significance of critical pedagogy*. Cultural Studies ↔ Critical Methodologies, 4(1), 11-31. <https://doi.org/10.1177/1532708603252911>
- Torres, A. R. (2020). *Ang Hamon ng Makabayan sa Panahon ng Modernisasyon at Globalisasyon*. Philippine Journal of Education and Culture, 45(3), 112-125.
- Villanueva, V. M. (2021). Makabayang Pedagohiya sa Pagpapatupad ng OBTEC (Outcomes-Based Curriculum) Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila. *The Normal Lights*, 10(2). <https://doi.org/10.56278/tnl.v10i2.258>
- Villanueva, V. M. (2022). Paglinang ng Makabayang Edukasyon: Batayang Kaalaman, Kasanayan, at Pedagohiya. *Journal of Philippine Teacher Education*, 14(2), 45-63.

